Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF BATAC

22 AUG 2025

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
Blg. 554 s. 2025

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2025**

Para Kay: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepeng Superbisor (CID)
Puno ng mga Paaralan (Pribado at Publiko)
Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, **ang Buwan ng Wikang Pambansa 2025** ay ipinagdiriwang sa Agosto 1-31, 2024 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang tema sa taong ito **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika:Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"** na nagsasaad na ang Buwan ng Agosto ay hindi lamang selebrasyon sa ating sariling wika kundi paggunita rin sa ating kasaysayan at pagkakaisa bilang isang bansa.

2. Layunin ng nasabing pagdiriwang ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahaok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa at;
e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mg wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika niyo.

3. Makikita sa memorandum na ito ang mga suhestiyong gawain na hinati-hati sa apat na lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang. :

| Petsa | Tema |
|---|---|
| 3–9 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima |
| 10–16 Agosto | Wikang Pangkasarian |
| 17–23 Agosto | Ang Pangangalaga sa Katutubong Wika at Kaalaman bilang Pangangalaga sa Kalikasan |
| 24–30 Agosto | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

SDCB RECORDS UNIT
2512874

4. Bilang pakikiisa sa gawain na ito, hinihiling na itaguyod ang paggamit ng wikang Filipino sa mga programa at iba pang pagtitipon. Hinikayat din ang lahat ang pagsusuot ng mga Kasuotang Pilipino sa lahat ng programa tungkol sa Buwan ng Wika.

5. Kaugnay din ng pagdiriwang na ito, ang Sangay ng Lungsod Batac partikular ang Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum (CID) ay magsasagawa ng mga patimpalak gaya ng mga sumusunod:

A, Para sa Elementarya
   1. Muling Pagkukuwento
   2. Sabayang Pagbigkas

B. Para sa JHS
   1. Isahang Pag-awit
   2. Pagsulat ng sanaysay

C. Para sa SHS
   1. Dagliang Talumpati

D. Para sa Guro at Mag-aaral
   1. Patimpalak sa Katutubong Kasuotan

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa *DepEd Order (DO) No. 9, s. 20025 (Instituting Measures to Increase Engage Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin, tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa *DO 66, s. 2017 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities).*

7. Bawat paaralan ay hinihiling na magsusumite ng kanilang ulat para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025 sa unang linggo ng Setyembre, 2025.

8. Tingnan ang mga kalakip sa memorandum na ito ang mga detalye at mekaniks ng mga patimpalak.

9. Para sa inyong kabatiran, gabay at pagtalima.

**ANSELMO R. ALUDINO**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: wala
Sanggunian: wala
Maisama sa Perpetual Index
Na nasa ilalim ng sumusunod na paksa:

BUWAN NG WIKA
PATIMPALAK

ZSP/DM-Pagdriwang ng Buwan ng Wika 2025
/Agosto 20, 2025

Asuncion Street, 16-S Quiling Sur,
City of Batac, Ilocos Norte
Telephone No.: (077) 677-1993
DepEd Batac City batac.city@deped.gov.ph www.csdbatac.com

*Kalakip 1*

**Mga Pamantayan sa mga Patimpalak Para sa Pansangay na Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025**

1. **Muling Pagkukuwento**

| I. MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS |
|---|
| A. Ang **Muling Pagkukuwento** ay isang paligsahan sa lahat ng mag-aaral mula sa Una-Ikatlong Baitang na opisyal na nakatala sa publiko at pribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat paaralan ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.<br><br>B. Ipagkakaloob ang isang limbag na kopya ng kuwento, at papel sa mga kalahok na ibibigay ng Superbisor ng Programang Pang-edukasyon (EPS) sa Filipino sa mismong panahon ng pagganap. Ang mga ito ay dapat makuha mula sa kanila bago ang kanilang aktuwal na pagganap.<br><br>C. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang silid (Holding Area) na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid (Preparation Area) upang pag-aralan ang kuwento.<br><br>D. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang numero ng pagkakakilanlan ay dapat isagawa tatlumpung (30) minuto bago magsimula ang pagganap.<br><br>E. Sa silid-paligsahan, pagkakalooban ng dalawampu't limang (25) minuto ang mga kalahok para sa tahimik na pagbasa at pag-unawa ng kuwento. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naiisip na gagawing pagganap. Pagkatapos nito, muling isasalaysay ang nabasang kuwento gamit ang sariling mga salita na hindi lalampas ng limang (5) minuto.<br><br>F. Magtataas ang DTWG ng *flaglet* na kulay berde bilang hudyat ng simula ng itinakdang oras ng pagganap; dilaw na *flaglet* para sa natitirang tatlumpung (30) segundo; at pulang *flaglet* kung tapos na ang inilaang oras ng pagtatanghal.<br><br>G. Ang paggamit ng cellphone o anomang gadget at/o pagdadala ng sanggunian/babasahin, sipi ng kuwento, kasuotan, *props*, kagamitang pangmusika/accompaniment ay hindi pinahihintulutan sa loob ng silid-paligsahan.<br><br>H. Malayang baguhin ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.<br><br>I. Ang mga kalahok ay wala nang piyesang hawak habang nagtatanghal.<br><br>J.Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan/sangay/rehiyon) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok. |

**Krayterya sa Paghatol**

| | |
|---|---|
| **Kaalaman/Komprehensiyon sa Kuwento**<br>• Naisasalaysay muli nang tumpak sa mahahalagang detalye at elemento ng kuwentong binasa<br>• Naisasalaysay muli ang kuwentong binasa ayon sa tamang pagkasunod-sunod ng mahahalagang detalye at pangyayari | 50% |
| **Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)**<br>• Naisasalaysay muli ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas sa pandinig ng mga manonood<br>• Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon, at pagbigkas | 30% |
| **Pagganap sa Entablado**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| **KABUOAN** | **100%** |

**2. Sabayang Pagbigkas (Grades 4–6)**

**Gabay:**

- Ang paligsahan ay bukas sa mga mag-aaral mula ikaapat hanggang ikaanim na baitang
- Malayang pumili ng tula o piyesa na may temang tumatalakay sa **pagkakaisa,kultura, wika, o bayan** ang kanilang itatanghal.
- Ang bilang ng kalahok sa bawat pangkat ay **10–15 mag-aaral**.
- Ang pagtatanghal at tatagal lamang ng **5–7 minuto**. May makakaltas na puntos sa kulang na 5 minuto at sumobra sa 7 minuto; halimbawa 30 segundo-1 minuto-1 puntos
- Maaaring gumamit ng simpleng props at background music.
- Malayang gumamit ng kasuotang angkop sa itatanghal

**Krayterya sa Paghatol:**

| **Pamantayan** | **Porsiyento** |
|---|---|
| Nilalaman ng Piyesa | 25% |
| Kaisahan ng Tinig/Diksiyon | 25% |
| Koreograpiya/Tindig at Ayos | 20% |
| Pagpapahayag at Emosyon | 20% |
| Kaayusan ng Galaw/Props/Presentasyon | 10% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**3. Isahang Pag-awit (Grades 7–8)**

**Gabay:**

- Ang patimpalak sa pag-awit ay bukas sa mga mag-aaral mula ikapito at ikawalong baitang
- Isang kalahok ang manggagaling sa bawat paaralan
- Ang awitin ay dapat may temang makabayan o pangwika.
- Hindi pinahihintulutan ang karaoke version na may backup vocals.
- Haba ng awit ay **3–5 minuto**.
- Ang kalahok ay dapat nakasuot ng Filipiniana

**Krayterya sa Paghatol:**

| Pamantayan | Porsiyento |
|---|---|
| Boses at Teknikal na Husay | 35% |
| Interpretasyon ng Awit | 30% |
| Kumpiyansa sa Entablado | 20% |
| Kabuuang Presentasyon | 15% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**4. .PAGSULAT NG SANAYSAY**

- Ang paligsahan ay bukas sa mga mag-aaral mula ikasiyam at ikasampung baitang
- Isang kalahok ang manggagaling sa bawat paaralan
- Ibibigay ng lupon ng inampalan ang paksa ng kompetisyon sa lugar ng pagdarausan.
- Ang dami ng salita ay hindi hihigit sa 1,500 at hindi naman kukulangin sa 1,000. May karampatang bawas ng 2 puntos kung hihigit sa 1,500 at kulangin sa 1,000 sa kabuuang puntos ng bawat hurado.
- Bibigyan ang mga kalahok ng dalawang oras sa pagbuo ng diwa o komposisyon.
- Bibigyan ang mga kalahok ng papel na may kalakip na bilang at pirmado ng EPS. Hindi kailangan isulat ang pangalan at paaralan.
- Hindi pinahihintulutan ang pagdadala ng mga kalahok ng anumang aklat, diksyunaryo at iba pang materyal na maaaring pagkukunan ng ideya.
- Tanging ang mga miyembro ng komite at mga kalahok lang ang may karapatang pumasok sa lugar na pagdarausan ng paligsahan.
- Pinal at hindi mababago ang hatol ng lupon ng inampalan.

**Krayterya sa Paghatol:**

| **Pamantayan** | **Porsiyento** |
|---|---|
| Nilalaman at Lalim ng Kaisipan | 35% |
| Organisasyon ng Kaisipan | 25% |
| Orihinalidad | 20% |
| Gramatika at Istruktura | 20% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**5.PAMANTAYAN SA DAGLIANG TALUMPATI**

* Ang patimpalak ay bukas sa mga mag-aaral sa Senior High School mula pribado at pampublikong paaralan
* Ang paksa ng talumpati ay bubunutin ng mga kalahok sa takdang oras ng patimpalak Tiyaking wala itong kaugnayan sa tema ng pagdiriwang.
* Ang kalahok ay bibigyan ng 5 minutong paghahanda at mag-isip ng kaisipan hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang ibang kalahok na binibigyan ng 3- 5 minutong pagtatanghal. Isang (1) puntos ang ibabawas sa bawat 30 segundong kulang at sobra sa paglalahad.
* Ang paglalahad ay maaaring sa paraan ng pakikipag-usap (conversational) o patalumpati (oratorical) o maaaring pinagsamang pakikipag-usap at patalumpati.
* Hindi maaaring gumamit ng mikropono.
* Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi na mababago pa.
* Magsusuot ng Filipiniana ang mga kalahok

**Krayterya sa Paghatol:**

| **Pamantayan** | **Porsiyento** |
|---|---|
| Nilalaman at Kahalagahan | 35% |
| Pagbigkas/Diin/Tono | 25% |
| Paraan ng pagkakalahad (kumpas, kilos, pang-akit at istilo | 20%, |
| Kumpiyansa at Tikas | 10% |
| Hikayat sa madla | 10% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**6. Patimpalak sa Kasuotang Pinoy**

* Ang patimpalak ay bukas sa mga mag-aaral at mga guro. Isang kalahok na mag-aaral at isang guro bawat paaralan

**Krayterya sa Paghatol**

| | |
|---|---|
| Tikas, Tindig at Rikit- | 40% |
| Kasuotan | 40% |
| Hikayat sa Madla | 20% |
| Kabuoan | **100%** |

*Kalakip 2*. **Programa ng Aktibidad**
**Lugar na Pagdausan: Paaralang Elementarya ng Quiling**

| ORAS | AKTIBIDAD | Lupon ng Inampalan | FACILITEYTOR |
|---|---|---|---|
| 7:30 – 8:30 | Rehistrasyon | | Marilen Andres<br>Brendalee Peralta<br>Jane Gonzales |
| 8:30 – 11:30 | Muling Pagbasa ng kuwento | Joycelyn B. Aspili<br>Aileen V. Joaquin<br>Mark Louie Duldulao | Kiara Kate Ganir<br>Peter Manglal-lan<br>Jessica R. Cadang |
| | Sabayang Pagbigkas | Marilou P. Omotoy<br>Aubrhey R. Oasay<br>Maricon Seggay | Chrystelle Jade Dela Cruz<br>Marceline Joi B. Espritu<br>Mary Jane B. Ramos |
| | Isahang Pag-awit<br><br>Pagsulat ng Sanaysay | Joycelyn Perdido<br>Eldefonso B. Natividad<br>Jhon Rey D. Ortal<br>Opresinia Z. Castillo<br>Zorayda S. Paguyo<br>Jollibelle Franada<br><br>All EPS | Rosebella Narciso<br>Marjorie Gabuten<br>Imelda C. Adalem |
| | Dagliang Talumpati<br><br>Katutubong Kasuotan | | Jude Vincent Malunao<br>Melanie C. Callanga<br>Girly Cecile Esteban |
| 2:00- 4:00 n.h | Pansangay na Palatuntunan sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika<br><br>Paggawad ng Parangal sa mga nanalo ng patimpalak | | Zorayda S. Paguyo<br>EPS-Filipino<br><br>Joycelyn P. Perdido<br>Punong-abala ng Paaralan<br>Jollibelle C. Franada<br>SH In-charge sa Filipino |

*Kalakip 3*. **Bumubuo sa Ibat Ibang Komite**

| Papel na Gagampanan | Pangalan |
|---|---|
| Tagapamahala ng Programa | Anselmo R. Aludino<br>Arnel S. Bandiola |
| Nangunguna sa mga Tagapamahala | Marilou B. Sales, EdD<br>Zorayda S. Paguyo, EdD |
| Punong-abala ng Paaralang Elem. Ng Quiling | Joycelyn P. Perdido, PhD |
| Puno ng Paaralang namumuno sa Filipino | Jollibelle C. Franada |
| Programa at Imbitasyon | Jenna Mae Pungtilan<br>Felibeth S. Saladino |
| Paggawa ng Sertipiko at Paghahanda ng Parangal | Jessica R. Cadang<br>Shiela Mae Oducayen<br>Annaliza Albano |
| Dekorasyon,Kaayusan at Kalinisan ng Pook Ganapan | Jim Cesar Baylon<br>Opisyales ng KAGUFIL<br>Mga Guro sa Quiling ES |
| Komite sa Pagbibigay ng Meryenda | Gaudencia Alibuyog<br>Rosebella Narciso<br>Rona Jane Pungtilan |